

KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS


KAMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City
NO. 175

Paglikas kung mangyari o Maganap ang Lindol



Sa panahon ng hindi maiwasang pagdating ng malakas na lindol, kinakailangan ang paglikas ng madalian. Sikaping lumikas kung makaramdam ng panganib sa pagguho ng gusali, sunog at sumisingaw na mapanganib na kemikal o gas. Kailangang lumikas ayon sa pag-uutos ng samahan ng komunidad (chounai-kai) o kaya ng samahan ng Volunteer Disaster Prevention (jishu-bousai-soshiki). Sumunod sa mga abiso sa paglikas na ibibigay ng mga opisyaes ng pamahalaan, grupo ng pamatay-sunog (bumbero) at ng pulisya. Mayroong 170 lugar na mapagliliikasan (evacuation centers) sa Siyudad ng Kawasaki. Kabilang dito ang mga paaralan ng elementarya, haiskul, kolehiyo ng Narses at Nambu Disaster Center. Magsiyasat sa Kawasaki City Homepage para sa pinakamalapit na evacuation center sa inyong lugar. Kung mapanganib puntahan ang nakalaang evacuation center sa inyong lugar, pumunta sa iba pang pinakamalapit na evacuation center, parke o liwasan, o kaya ay sa mas malawak na evacuation center. At kung sakaling hindi makapunta sa evacuation center, makinig sa Kawasaki FM para sa impormasyon ng pag-aaplay ng suporta mula sa evacuation center.




Alalahanin sa Paglikas

Sa paglikas, pag-ingatan at tandaan ang mga sumusunod:

No.176


- isara ang pinagmumulan ng gas (main gas valve)
- ibaba o patayin ang electric switch/breaker (main switch)
- magsuot ng sapatos na may makapal na suwelas
- gumamit ng hard hat o kahit anong matigas na sombrero para proteksyon sa ulo
- dalhin lamang ang pinaka-importanteng bagay at pinakamagaang dala-dalhan



Ipagbigay alam sa mga matatanda o imbalido ang paglikas at umaksyon ng karapat-dapat. Sa paglikas, mag-iwan ng maikling sulat sa inyong pinto na nagsasaad ng lugar na pinaglikasan at kontak number para sa kaalaman ng ibang tao. Dagdag pa dito, iwasang gamitin ang sariling sasakyan para sa paglikas, maaaring ito ay makasagabal sa mga sasakyan pang-emergency at makalikha ng trapiko sa mga kalsada. Kung nakasakay sa sasakyan at maganap ang lindol, mangyaring daliang tumigil sa kaliwang gilid ng daan, itigil ang makina ng sasakyan, iwan ang susi at huwag susian ang pintuan nito bago maglakad sa paglikas.



Disaster Message Dial Idayal 171



No.177

Ang Disaster Message Dial 171 ay isang sistema na kung saan maaaring idayal upang mag-iwan ng mensahe at makinig ng mensahe ng mga taong nasa lugar ng kalamidad. Ang mga taong nasalanta o kaya ay nasa lugar ng kalamidad ay maaaring mag-rekord ng impormasyon tungkol sa kanilang kalagayan at ito ay maaaring mapakinggan ng mga taong malayo sa kalamidad. Bukod pa dito, ang mga taong malayo sa lugar ng kalamidad ay maaaring mag-iwan ng kanilang mensahe para sa mga taong nadamay o nasalanta sa kalamidad.

Ang serbisyo ng Disaster Message Dial 171 ay maaaring magamit sakaling ang lahat ng paraan ng komunikasyon ay mapuno at mahirap nang makakontak sa lugar na tinamaan ng lindol o kaya pagsabog ng bulkan at iba pang kalamidad.

Ang NTT East Japan ay magsasahimpapawid ng impormasyon sa radyo at telebisyon sa oras na nakahanda ng magamit ang serbisyo ng Disaster Message Dial 171. Ilalahad din kung gaano karami ang maaaring mai-rekord at mga regulasyon ng sistema.

Ang paraan sa paggamit ng Disaster Message Dial ay: "Idayal ang 171 at sundan ang gabay sa paggamit (user's guide) sa pag-rekord at pag-replay ng mensahe." Ang mga naka-rekord na mensahe ay mapapakinggan ng sinuman na nakakaalam ng mga record na numero ng telepono. Kung nanaisin na hindi mapakinggan ng sinuman ang inyong mensahe, mangyari lamang na maagang makipag-ugnayan sa NTT East Japan para sa inyong PIN (Personal Information Number o Password).

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa NTT East Japan.



Issued by The Kawasaki International Association

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:<http://www.bremen.or.jp/kian/>